

kay Jesus? Ipanalangin at makipagkita sa taong ito upang maibahagi sa kanya ang kaligtasang dala ni Jesus.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pabibigay ng pasensiya at pagpapakita ng kabutihan sa iyo sa kabila ng iyong kasalanan. Ipanalangin na ang Kanyang kabutihan ay hindi maging sanhi upang isipin mo na matatakas mo ang iyong mga kasalanan kundi magdulot ng mas malalim na pagmamahal at pagsunod sa Kanya.
- Ipanalangin na mas maintindihan mo ang pagkakaroon ng takot sa Panginoon upang magawa mong mamuhay sa paraang nakalulugod sa Kanya, ngayong alam mo na Siya ay matuwid na hukom at ang araw ng paghuhukom ay darating.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataong ibahagi sa mga tao sa paligid mo ang katuwiran na nagmumula kay Cristo. Hingin sa Diyos na buksan ang kanilang mga puso upang makita nila na kailangan nila si Jesus sa kanilang buhay.

THE G O S P E L EXPLAINED

Ang Matuwid na Hukom

WEEK 3

WARM-UP

- Ikaw ba ang tipo ng tao na nagpapalano nang maigi o mas gusto mo ang wala masyadong sinusunod na plano? Bakit?
- Ibahagi ang isang pagkakataon kung saan nagpakita ka ng pagtitiyaga at hinabaan mo ang iyong pasensiya. Ano ang nangyari?
- Kapag naririnig mo ang salitang “hukom,” ano ang naiisip mo? Bakit?

WORD ³⁻⁴*Pero sino ka para humatol sa iba kung ikaw mismo ay gumagawa rin ng mga iyon? Ang akala mo ba’y makakaligtas ka sa hatol ng Diyos dahil alam mong siya’y mabuti, matiyaga at mapagtimpi? Dapat mong malaman na ang Diyos ay mabuti sa iyo dahil binibigyan ka niya ng pagkakataong magsisi sa mga kasalanan mo.*

MGA TAGA-ROMA 2:3,4

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 2:1-16.**)

Sa pahayag na ito, kinakausap ni Pablo ang dalawang grupo ng tao—ang mga hindi Judio at ang mga Judio. Ang unang grupo ay mga lantarang makasalanan na patuloy na gumawa ng kasamaan kahit pa alam nila ang mga utos ng Diyos. Ang ikalawang grupo ay mga Judio na matuwid sa kanilang sariling mga mata at nanghusga ng iba, kahit pa sila rin ay patagong gumagawa ng kasamaan. Ang dalawang grupo ay nagpatuloy sa kanilang kasalanan dahil inisip nila na makakatakas sila. Ano ang ibig sabihin ng pagtawag sa Diyos na isang hukom?

1 | Ang Diyos ay masusing hukom.

²Alam nating makatarungan ang hatol ng Diyos sa mga taong gumagawa ng kasamaan. ³⁻⁴Pero sino ka para humatol sa iba kung ikaw mismo ay gumagawa rin ng mga iyon? Ang akala mo ba'y makakaligtas ka sa hatol ng Diyos . . . **MGA TAGA-ROMA 1:2-4**

Sinabi ni Pablo na darating ang araw na ang lahat ng tao ay mahuhusgahan ayon sa kanilang mga ginawa. Hindi lamang ang mga makasalanan ang huhusgahan, kundi maging ang mga tila matuwid. Huhusgahan ng Diyos ang ating mga ginawa, sinabi, motibo, at mga inisip (Mateo 12:36,37). Ano ang sinasabi ng Mateo 7:21-23 tungkol sa kung paano huhusgahan ng Diyos ang mga tao sa huling mga araw?

2 | Ang Diyos ay matiyagang hukom.

³⁻⁴Pero sino ka para humatol sa iba kung ikaw mismo ay gumagawa rin ng mga iyon? Ang akala mo ba'y makakaligtas ka sa hatol ng Diyos dahil alam mong siya'y mabuti, matiyaga at mapagtimpi? Dapat mong malaman na ang Diyos ay mabuti sa iyo dahil binibigyan ka niya ng pagkakataong magsisi sa mga kasalanan mo. ⁵Pero dahil sa matigas ang ulo mo at ayaw mong magsisi, pinabibigat mo ang parusa ng Diyos sa iyo sa araw na ihahayag niya ang kanyang poot at makatarungang paghatol.

MGA TAGA-ROMA 2:3-5

Bilang babala, sinabi ni Pablo na bagama't hindi pa sila pinaparusahan ng Diyos, hindi ito nangangahulugan na sila ay makakatakas sa mga mali nilang ginawa. Hindi rin ibig sabihin nito na ang ginawa nila ay katanggap-tanggap. Sinabi ni Pablo na ang Diyos ay nagpapakita ng pagtitimpi at kabutihan sa kanila, sa kabila ng kanilang kasalanan, dahil binibigyan Niya sila ng *pagkakataong magsisi*. Sa Juan 12:47,48, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na ang dahilan kung bakit siya pumarito sa mundo ay hindi para husgahan ang mundo kundi para iligtas ito. Ngunit sinabi rin niya na darating ang takdang panahon para sa paghuhusga. Paano mo naranasan ang kabutihan at pansensiya ng Diyos?

3 | Ang Diyos ay matuwid na hukom.

⁵Pero dahil sa matigas ang ulo mo at ayaw mong magsisi, pinabibigat mo ang parusa ng Diyos sa iyo sa araw na ihahayag niya ang kanyang poot at makatarungang paghatol. ⁶Sapagkat ibibigay ng Diyos sa bawat isa ang nararapat ayon sa kanyang mga gawa. **MGA TAGA-ROMA 2:5,6**

Sinabi ni Pablo na sa oras ng paghuhusga, ang makatarungang paghuhusga ng Diyos ay maipapahayag. Pareho Niyang hahatulan ang mga nakatanggap ng Kanyang Kautusan at ang mga hindi masyadong nakakaalam nito. Gagantimpalaan o parurusahan Niya ang mga tao ayon sa kanilang ginawa. Ngunit dahil lahat tayo ay hindi nakaabot sa Kanyang pamantayan, hindi tayo karapat-dapat tumanggap ng Kanyang walang hanggang gantimpala. Kahit pa ang Diyos ay isang hukom, Siya ay mahabagin sa atin at alam Niya kung gaano kalaki ang pangangailangan natin sa kaligtasan. Ito ang dahilan kung bakit Niya ipinadala si Jesu-Cristo, upang ang lahat ng mananampalataya sa Kanya ay maituturing na matuwid (Mga Taga-Roma 4:5). Paano tayo ginawang matuwid ni Jesus? (2 Corinto 5:21)

APPLICATION

- Ano ang mga kasalanan na kinukunsinti o pinahihintulutan mo na lamang dahil alam mong walang ibang nakakaalam? Dala ang kaalaman na hahatulan ng Diyos ang ating mga inisip at motibo, ano ang maaari mong gawin upang pagtagumpayan ang mga kasalananang ito?
- Paano magbabago ang paraan mo ng pakikipag-ugnayan sa Diyos, ngayong alam mo na Siya ay isang hukom na labis na nagmamahal sa 'yo? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang lumalim ang ugnayan mo sa Kanya?
- Si Jesus ay pumarito sa mundo hindi upang husgahan ang mundo kundi upang iligtas ito. Sino ang maaari mong kausapin ngayong linggo upang ibahagi ang katotohanang ito tungkol